

## **Si Haring Bubuyog, Ang Kaharian ng Kalikasan at Ang Tao**

By: Leonardo “Bobby” Abutin, Jr

Mayroong isang mundo noong unang panahon na napaka ganda, tahimik at bawa't nakatira doon ay may masarap na pagsasamahan. Ang mga bundok ay punong puno ng halaman at puno. Ang mga halaman ay namumulaklak at malulusog. Ang mga puno ay malalaki at matataas at maraming prutas. Ang tubig sa batis ay malilina at malinis. Kahit iba't ibang uri ng nilalang ang nakatira sa mundong ito ay hindi sila nagkakagulo o nag aaway. Ang pinaka makapangyarihan noong panahon na iyon ay si Haring Bubuyog. Ang mga bubuyog kasi ang pinakamarami at pinakamasipag sa mga nilalang. Makapangyarihan at respetado si Haring Bubuyog ng ibang uri dahil matalino siya at makatarungan. Ang mga bubuyog ang nagkakalat ng mga pollen ng bulaklak at ikinakalat ito sa iba pang bulaklak para mamunga. Ang mga bubuyog ang nagsisilbing kagawad ng kalikasan. Sila ang nagkakalat ng binhi ng halaman, puno at ibang uri sa mga malalayong lugar. Bukod sa mga bubuyog ay malaki rin ang ginagampanan tungkulin ni Reynang Hangin sa pagpapaunlad at pananatili ng “ecosystems”. Si Haring Araw ay palaging sumusubaybay sa mga nilalang at parating nagbibigay init ng pagmamahal sa lahat. Dahil kay Haring Araw kaya rin nagkaroon at nanatili hanggang ngayon ang walang kamatayan pag iibigan ni Prinsepe Tubig at Prinsesa Ulap. Sa tuwing lumalabis ang init na ibinibigay ni Haring Araw ay na apektuhan si Prinsipe Tubig. Nagbabago siya ng anyo at nagiging isang singaw na nagiging dahilan para si Prinsipe Ulan ay lumutang sa himpapawid patungo kay Prinsesa Ulap. Magsasanib silang dalawa na katulad ng isang mag-irog at ipadadama ang pagmamahal sa bawa't isa hanggang mapaluha sa kaligayahan si Prinsesa Ulap na nag bibigay ulan sa mga halaman, mga puno at mga naninirahan sa mundong ibabaw. Sa tulong rin ni Prinsesa Ulap kaya napapanatili ang tamang temperatura o klima sa iba't ibang lugar. Maligaya ang bawa't nilalang. Tahimik. Masaya. May mga tao na rin noong panahon na iyon at sila ang nabibiyayaan sa kasaganahan na ito. Ang mga labis na pulut-pukyutan o honey na ginagawa ng mga bubuyog ay ipinagkakaloob ni Haring Bubuyog sa mga tao. Pinapahintulutan rin ni Haring Halaman na tumalbos ang mga tao sa kanila. Pinipaubayan naman ni Prinsipe Puno na pumitas ang mga tao ng kanilang mga prutas. Pinapaliguan ni Prinsipe Tubig ang tao at pinibigyan lakas ang mga ito pag sila ay nauuhaw at nanghihina. Kahit likas na masipag ay dumating rin ang isang araw na napansin ni Haring Bubuyog na masyado nang hirap ang kanyang mga bubuyog sa kanilang gawain. Sa kauna-unahang pagkakataon ay gusto naman niyang bigyan ng kaunting pahinga ang kanyang mga kalahi. May sumanguni na nararapat lang na humingi sila nang kaunting tulong sa mga tao. Napulong-pulong ang mga matataas na pinuno ng sanglibutan at ipinahayag ni Haring Bubuyog ang kanyang mungkahi. Si Pedro ang kumatawan sa mga tao at dahil totoong malaki ang utang na loob ng mga tao kay Haring Bubuyog at sa iba pang kaharian

ay hindi siya nagdalawang isip na sumang-ayon sa mungkahi. Pagkakataon na ika ni Pedro para tumanaw ng utang na loob sa mga kaibigang bubuyog at sa iba pang nilalang. Nakipag tulungan si Pedro kay Haring Bubuyog sa pag ani ng mga pulot pukyutan. Ang mga tao ay umaakyat sa matatas na puno at tumutulong magbawas ng mga umaapaw na pulot pukyutan sa mga bahay ng bubuyog. Naging Masaya ang samahan ng mga tao at bubuyog. Napansin ito ng ibang kaharian. Sumunod na humingi ng tulong ay si Haring Halaman. Mas dadami daw ang bulaklak nila at lalabong sila kung may magbubungkal sa lupa na kinatitirikan nila. Sumangayon naman si Pedro at katulad ng inaasahan ay mas lumaki at mas namulaklak ang mga halaman. Sa tinamong di pangkaraniwang pag unlad ng kahariang ng mga bubuyog at halaman, ang magandang balita ay kumalat sa lahat ng kaharian. Ang mga tao ay itinuring na “sugo ng diyos” sa kanilang lahat. Dahil sa pinakitang kaiba-ibang kakayahan ng mga tao ay kahit si Haring Bubuyog na itinuturing na pinaka matalino sa kanilang lahat noon ay napasang ayon na ang mga tao ay sadyang sugo ng diyos at nararapat maging pinuno nila. Mas mapapangalagaan ng buong sangkalibutan o mundo kung ang mga tao ang susundin nila. Totoo nga naman na hindi lang si Pedro ang matalino sa mga tao. Napakita rin ni Juan sa lahat na kung papahintulutan lang ni Haring Halaman na kumuha sila ng konting bahagi ni Kawayan at hatiin ito sa gitna ay puwede sila gumawa ng isang patubigan. Hindi na ngayon aasa ang mga halaman at puno sa pagluha ni Prinsesa Ulap dahil kahit anong oras ay puwede nang dumating sa mga halaman ang tubig na kailangan para siya ay yumabong. “Matalino talaga ang mga tao” pagbubunyi ni Haring Halaman. “salamat at puwedeng tumagal ang pagsasama naming ni Prinsipe Tubig” ang pahayag naman ni Prinsesa Ulap. Dahil sa tinamong mga papuri ni Pedro at Juan ay lalong nagsumikap ang ibang tao na tularan sila. Ibig nilang ipakita sa lahat na hindi lamang si Juan at Pedro ang marunong sa kanila. Lahat naman ng mungkahi ay sinasang-ayunan ng mga pinuno dahil sa kabutihan idinudulot nito. Magmula noon ay sari-saring mungkahi ng mga tao na ang dumarating sa tuwing may pagpupulong at lahat ito ay isinakakatupad para sa ikauunlad ika nga ng lahat. Para mapalaganat nang mabilis ang mga sinang-ayunang pagbabago ay binigyan ng lahat ng kaharian sina Pedro at Juan nang pahintulot na mag talaga ng mga tao sa iba’t ibang sulok ng mundo. Napakabilis na pagsulong sa kaunlaran ang naging bunga nito. Pero hindi pantay-pantay ang taas ng pag unlad sa bawat lugar kaya iyon lamang mga tao na nagkamit ng matataas na pagunlad ang siyang nakikilala. Sa kagustuhan ng ibang tao na sila rin ay makilala ay iba’t ibang pamamaraan na ang kanilang ginagawa makamit lamang ang katanyagan. Kahit na sa pamamaraan na hindi napagkasunduan ng mga kaharian. Mas dumarami na ang mga pagputol nila sa mga kawayan para makagawa ng mas malaki at mas malawak na patubig. Dahil sa malawak na patubig ay kailangang bantayan ito ng mas mahabang panahon. Hindi na halos umuuwi ang mga tao sa pagbantayan dito. Dahil malayo ang mga kuweba at mga malalaking punong kahoy na noon ay ang ginagawa tulugan ng mga tao ay minabuti nilang manatili sa malapit sa pinagbantayan nila. Noong una ay tumutulong lang sila sa lupa ngunit dahil walang

panangga sa mga elemento na kagaya ng lamig, ulan, init ay naging masasakitin ang mga tao. Kailangan nila ang isang tutuluyan na may panangga sa mga elemento. “kailangan ang tutuluyan natin ay matibay at medaling kuhanin sa mga paligid. “sabi ng isang tao. “tama.” Ang pagsang ayon naman ng iba. “kasing tibay ng kahoy na kumakalinga sa gubat!” ang pahayag naman ng isang nakakatanda. “Tumpak! Tatawagin natin itong bahay”. “Gamitin natin ang mga sangay ng mga punong kahoy. Payag naman si Haring Halaman doon.”, ang pagpapahayag naman ng isa pang nakakatanda. Kaagad naman isinakatupad ang pagkuha ng mga sangay sa mga punong kahoy. “Marami tayong kuhanin para mas matibay ang gagawin nating bahay” sabi ng isang nakakabata. Nakabuo sila ng isang bahay. Tumagal ito ng isang taon at dahan-dahan itong rumupok. Sa ika limang taon ay bumigay ang pakakatugtong tugtong ng mga sanga ng punong kahoy at ang bahay nilang itinayo ay gumuho. Gumawa sila ng isa pang bahay gamit uli ang mga sanga ng punong kahoy. Para mas tumibay ay nagputol rin sila ng mga baging para gawing tali sa bawat sanga. Naging matatag ang bahay pero ito ay tumagal lang ng sampung taon. Sa huling pagguho nito ay isang mataas na nakakatanda ang namatay. Nagdalamhati ang lahat ng tao sa lugar na iyon. Ang karamihan ay umiiyak at nalungkot sa pangyayari. May isang grupo rin na mga tao ang nagalit at sinisi ang pinaka pinuno nila. “Dapat ay mas matibay na materyales ang ginamit natin sa paggawa ng bahay para hindi sana namatay ang matanda” ang wika ng isang binatilyo. Napaangat ang ulo nang nakakarami at nagwikang “tama! Tama ang tinuran ng bata” ang sigaw ng mga tao. “Hindi ko rin ginusto ang nangyari. Ano ang inyong mungkahi?” ang tanong ng Pinuno. Nag isip ang lahat ng tao para hindi na muling mangyari ang sakuna na kagaya ng pagguho ng bahay nila. Isang matalinong kabataan ang napatnaw sa gawi ng kagubatan at napansin ang magaganda at malulusog na halamanan. Nagwika ito ng “Nakakainggit naman ang mga halaman doon sa kagubatan. Nananatili silang malulusog at mayayabong kahit na buong araw maglaro ng habulan ang mga hangin at magdamag lumuha sa galak si Prinsesa Ulap. Kapansin-pansin na nagsisilbing pananggalang sa malakas na hangin at buhos ng ulan ang mga naglalakihang punong kahoy sa paligid”. “Mahusay ang iyong pagmamasid bata” ang sabi ng isang nakakatanda. “Papaano natin mapapakiusapan sina Haring Halaman na lumipat dito sa may patubigan natin ang iba nilang kasama? Naging maputik ang mga lupa dito dahil sa sobrang tubig at ito ay makakasama sa mga punong kahoy. Siguradong hindi sila papayag sa gusto natin.” Isang matanda ang tumayo at nagwikang “pakiusapan ninyo sila at hikayatin na lumipat sa lugar natin. Pangakuan ninyo na aalagaan natin sila.” “Hindi ko na mapapayagang tayo ay malagasan pang muli dahil lang na wala tayong matibay na bahay. Kung hindi makuha sa pakiusap ay sapilitan ninyong dalhin dito ang mga punong kahoy.”, ang makapangyarihan utos ng namumuno sa kanila. Sampung matitipunong kalalakihan ang inutusan para makipagusap sa mga punong kahoy. Kagigising pa lang ni Haring Araw ng umalis sila at gabi na ng nakarating ang mga tao sa kagubatan. Sa tindi ng pagod ay minabuti muna nilang magpahinga muna at kina umagahan na nila sasabihin sa mga dinatnan ang kanilang

layunin. Kagaya nang nakagawian ay maligaya sinalubong ng mga halaman at punong kahoy ang mga tao. Nagdiwang sila dahil nabisita muli sila ng mga sugo ng diyos. Nagsipagsayaw ang mga punong kahoy para upang bumaksak ang kanilang prutas at maihanda sa mga tao. Ang mga halaman naman ay naglaro ng hatakan para matalbusan sila at ang mga nalaglag na dahon ay inialay sa mga panauhin. Isang engradeng pagdiriwang ang naganap. Nabusog ang sampung tao at mula naman sa malinis na batis ay nakainom sila ng napakasarap na tubig. Masustansiya ang inihanda sa kanila kaya naman napawi agad ang kanilang kapaguran. Naging mahimbing ang naging pagtulog nila sa ilalalim nang isang malaking punong kahoy. Halos hindi nila naramdaman ang lamig ng gabi na noon lamang nila nadama. Kinabukasan ay inutusan agad nang namumunong punong kahoy ang mga kaibigan hayop, halaman at punong kahoy na ipaghanda nang almusal ang mga bisitang tao. Habang abala ang karamihan sa iniutos ng pinunong punong kahoy ay ipinahayag na ng mga tao ang kanilang pakay. Nalungkot at nakidalamhati ang pinunong punong kahoy sa nangyaring pagguho nang kanilang bahay at sa pagkamatay ng isang nakakatandang tao. “Sa lupang kinatitirikan ko ako lumaki at dito na rin ako tatanda. Gustuhin man Makita ang ibang lugar ay hindi puwede. Limitado lang ang aming magagawa dahil hindi katulad ng mga tao ay wala kaming paa.”

“Hindi kami makakapayag na hindi kayo sasama sa amin.” ang sigaw ng mga tao. Agad agad nilang iginapos si Pinunong Punong Kahoy gamit ang mga baging nito para hindi na makapiglas pa siya. Nagawa pang humingi ng saklolo ang Pinunong punong kahoy sa mga kasama niya na noong sandaling iyon ay nasa di kalayuan. Nabahala ang mga tao. Pero desidido silang dukutin ang karamihan sa mga punong kahoy. “paano natin mapapasunod ang ibang punong kahoy kung hindi sumasanggayon ang kanilang pinuno?” “Kunin natin itong pinuno nila at dalhin natin sa lugar natin. Siguradong susundan siya ng ibang punong kahoy.” Hawak ang mga dulo ng baging ay pilit na hinatak ng mga tao si Pinunong punong Kahoy. Kahit na isa si Pinunong Punong Kahoy sa pinaka matanda, pinaka malaki at pinaka matatag ay nakuhang makaladkad siya dahil sampung pinaka malakas at pinaka matipuno ang pinadala ng mga tao. Sa tindi ng paghaltak ay nabunot si Pinunong Punong Kahoy sa lupa na kinatitirikan nila. Nag putol-putol ang mga malalaking ugat nito. Kumalat ang katas ng ugat niya na parang bumubulwak na dugo. Nanghina si Pinunong Punong Kahoy kaya magaan na naisakatuparan ng mga tao ang paglayo sa kanya sa kagubatan. Malayo ang nilakbay ng mga tao at halos kinabukasan na sila nakarating sa tubigan ng mga tao. Sa tindi ng hirap ay patay na ng dumating si Pinunong Punong Kahoy. Nakaluan ng takot ang mga tao sa sinapit ng isang tinuturing na matalik na kaibigan ni Pedro, ang pinaka pinuno ng mga tao. “Kailangang hindi malaman ni Pedro at ng ibang kaharian ang nangyari dito.” ang paglalahad ng namumunong tao sa lugar at nag wikang “kumuha kayo ng mga malalaking baton a matutulis ang dulo. Pira-pirasuhin ninyo ang punong kahoy na iyan at tanggalin ang kanyang balat para hindi makilala ng ibang kalahi niya. Gamitin

ninyo siya para makagawa ng malaking bahay para sa atin.” Nakita nang mga binhing halaman at binhing punong kahoy na itinanim nga mga tao sa may tubigan ang nangyari kaya para walang makapag sumbong ay binunot lahat ng mga tao ang mga ito. At para walang maging bakas sa kanilang naging kasalanan ay pinagpira-piraso ng mga tao ang halaman at kinain ang mga ito. Ang mga maliit na punong kahoy naman ay ibinilad nila sa araw hanggang matuyo. Dahil iba ang anyo nang tuyong kahoy at wala na itong buhay kaya sa kalaunan ay hindi na makikilala ng iba pang punong kahoy ang mga ito.

Samantala sa kagubatan ay sadyang nabahala ang mga punong kahoy sa pagkawala ng kanilang pinuno. Nakaramdam agad sila ng ibang kaba nang makita ang mga katas ng ugat ng kanilang pinuno at ang isang malaking butas na kung saan nakatirik dati ang kanilang pinuno. Alam nilang may masamang nangyari dito. Hinanap rin nila ang mga tao at hindi rin nila nakita. “Mahabaging diyos, sana ay ligtas na nakalayo ang mga tao”, ang sabi nang isang murang punong kahoy. Dahil ang ugat ng mga punong kahoy ang nagbibigay buhay sa mga punong kahoy, kaya alam na nilang wala na ang pinakamamahal nilang Pinunong Punong Kahoy. Hindi nila pinaghinalaan ang mga tao na bisita nila dahil mataas ang kanilang pagkakakilala at respeto sa mga tao na sugo nga daw ng diyos.

Si Pinunong Punong Kahoy ang pinakamalaki at pinakamataas sa lahat kaya naman nang nawala ito ay nagkaroon nang isang malaking puwang sa kagubatan. Sa tuwing maghahabulan ang mga hangin at luluha nang malakas si Prinsesa Ulap ay may natatanggal na mga batang halaman at mga batang punong kahoy na kadalasan ay nauuwi sa pagkamatay ng mga ito.

Napilitang magsumamo ang mga halaman at punong kahoy sa kagubatan na bawas-bawasan na ang paghahabulan ng mga hangin at ang sobrang pagluha ni Prinsesa Ulap. Matagal na nilang ginagawa ang masasayang bagay na ito kaya hindi ito nagustuhan ni Haring Hangin, Prinsipe Tubig at Prinsesa Ulap. “hindi namin magagawa na pigilan ang aming paglalaro. Pero sisikapin namin na bawasan ito” masamang loob na sinabi ni Haring Hangin. “Pag iibigan namin ang inyong pinakikialaman pero dahil nauunawaan namin ang inyong kalagayan at parang pakikiramay na rin namin sa pagkawala ni Pinunong Punong Kahoy ay dadalangin ni Prinsesa Ulap ang sobrang galak para huwag magkaroon ng pagbuhos ng ulan.”

Kailangang matakpan ang puwang sa gubat. Sinubukang humingi nang tulong ang mga punong kahoy sa tao pero hindi pinakinggan ng mga tao ang hiling nila dahil sa takot na kung babalik sila sa gubat at malaman ang masama nilang ginawa ay siguradong hindi na sila makakalabas sa kagubatan.

Si Haring Bubuyog na ang nagprisinta na sila na ang magtatambak ng lupa at magtatanim ng mga binhi ng punong kahoy sa puwang ng kagubatan. Dahil maliliit lang ang mga bubuyog kaya

sobrang hirap ang dinanas nila. “Matagal na panahon bago maging magulang ang binhi kaya matagal na alagaan ito” banggit ni Haring Bubuyog sa kanyang mga kauri. Pinag walang bahala ng lahat ang hindi pagtulong ng mga tao. “May mas mga importante bagay siguro ang ginagawa ng mga tao para sa ikauunlad ng lahat” ang banggit ng isang nakakatandang puno.

Dumaan ang sampung taon at nakatayo pa rin ang bahay na gawa sa torso ni Pinunong Punong Kahoy. Pinulong ng pinunong tao ang mga kasama niya at nagwikang “Mas matatag ang tinitirahan natin ngayon kaysa sa dalawang itinayo nating bahay na yari sa sanga ng mga punong kahoy. Hindi na rin tayo giniginaw pag tag lamig at naiinitan pag tag araw. Dumalang na rin ang nagkakasakit sa atin at halos lahat tayo ay malulusog at malalakas.” Tumayo ang isang may gulang na tao , “ tunay ang sinasabi mo mahal naming pinuno ngunit sumisikip na rin tayo. ” Nagsalita ang manggagamot ng grupo , “karamihan sa ating mga kabataan ay may palatandaan ng hindi magandang kalusugan. Kailangang gumawa tayo nang isa pang bahay sa lalong medaling panahon.” “Sangayon kami” ang sigaw ng nakakarami. “huwag kang mabahala sa mga punong kahoy mahal naming pinuno. Walang nakaalam ng ginawa natin at pansinin mo na ganoon pa rin ang pakikitungo nila sa atin. Sa ibang lugar natin itatayo ang bahay at doon na rin tayo gagawa ng isa pang patubigan para mas higit tayong umunlad. Pumili kayo nang magugulang na punong kahoy. Mas matanda ay mas matibay na bahay ang magagawa ninyo” sabi nang isang natatalinong tao.

At ganoon nga ang ginawa ng mga tao. Mas maraming tao ang pumunta sa kagubatan at kagaya ng dati ay masagana ang pagtanggap ng mga halaman at punong kahoy sa kanila. Naging mapusok ang iba at hindi na sila naghintay pa ng kinaumagahan. Nagdalawang grupo ang mga tao at pumili sila nang mga magugulang na punong kahoy at kaagad silang itinali ng mga baging. Akala nang ibang halaman at punong kahoy ay bagong laro ang itinuturo sa kanila nang mga tao pero nang napansin nilang nabunot ang mga ugat nang kauri nila at kinaladkad palayong gubat ng mga tao ay doon nila napagtanto na masama ang pakay sa kanila ng mga tao. Nagbalik larawan sa mga punong kahoy ang malaking butas at mga katas ng ugat nang kanilang pinunong nawala. Ngayon ay alam na nila na hindi pala kaibigan ang mga taong ito kung hindi isang kaaway.

Nagkaroon ng mga matibay na bahay ang mga tao sa bagong patubigan nila. Ginamit nila ang mga sobrang kahoy sa pagsasaka. Mas maraming halaman at puno ang umusbong sa taniman. May mga naiinggit na tao sa unang grupo at nagpagpasyahan nilang magtayo rin nang sarili nilang patubigan. Sinalakay nila ang kagubatan para makakuha ng mga punong kahoy. Gumamit sila nang kakaibang pamamaraan. Sa halip na hilahim ang mga matatandang punong kahoy ay gumawa sila nang mga palakol gamit ang matutulis na bato na ikinabit nila sa dulo

nang isang kahoy. Mas mabilis nilang natanggal ang mahigpit na pagkakapit ng mga ugat ng punong kahoy sa lupa at nakaladkad nila ng mas madali ang mga ito.

Nakagawa ang mga tao ng bagong patubigan at mas marami na silang naaning prutas at gulay. Napag alamanan ng mga tao sa mga karatig isla ang bagong pamamaraan para dumami ang kanilang ani at ito ay ginaya.

Walang takot na at malawakan ang pagputol ng mga punong kahoy ng mga tao. Halos lahat sa mga tao ay nagpapaliksahan sa pagpapadami ng ani sa kanilang bukirin.

Nakarating ang masamang balita sa lahat ng kaharian sa pamamagitan ni Haring Bubuyog. Ipinagutos agad ni Haring Bubuyog sa mga kalahi niya na patulisin ang kanilang mga buntot at salakayin agad ang sino mang tao na lalapit sa mga puno at mga halaman. Galit rin sina Prinsesa Ulap & Prinsipe Tubig dahil sa mga tao ay natigil ang matamis nilang pagmamahalan. Inis rin si Haring Hangin sapagkat dumalang ang larong habulan nila magmula nang nawala si Pinunong Punong Kahoy dahil na rin sa kagagawan ng mga walang pusong tao.

Hindi makapaniwala si Haring Araw sa balita at minarapat niyang kausapin ang mga tao sa unang pagsikat ng kanyang sinag sa lugar ng mga tao sa patubigan. Laking gulat ni Haring Araw nang mapansin niya ang mga natutuyong walang buhay na kabataang punong kahoy na binunot ng mga taong naninirahan doon. Kitang-kita rin niya kung paano natutuhang kainin ng mga tao ang mga maliliit na halaman. Halos panay may sakit na ang mga puno't halaman sa gubatan. Sira-sira at may mga sakit na dulot na rin ng iba't ibang nakakasirang pamamaraan ng pagsasaka ng mga tao. Buhay na patay ang mga ito. Walang pag asa na manumbalik muli ang kanilang kagandahan at kalusugan.

Nagpulong pulong ang mga kaharian ng kalikasan at nagkasundo-sundo sila na parusahan ang mga tao. Alam nilang madadamay ang mga natitira pang puno't halaman pero dahil sa kapangahasan ng mga tao ay hindi na lahat sila magbubunga pa. Lanta na halos ang mga halaman at walang mga dahon at prutas ang mga punong kahoy. “

“Mga walang utang na loob na mga tao! Binibigyan naman kayo ng mga punong kahoy at mga halaman ng makakain pero anong uri ng pasasalamat ang ibinalik ninyo sa kanila” ang hiyaw ni Haring Araw. “Magmula ngayon ay hindi na init ng pagmamahal ang ibibigay ko sa inyo. Lagablab na ng galit ang ipadadama ko magmula ngayon sa lahat ng tao. “ Pagkatapos bigkasin ni Haring Araw ito ay tumindi nga ang sikat ng araw at halos malapnos na ang balat ng mga tao sa init. Ang mga pinuno na ibang kaharian ng kalikasan ay pawang galit na rin sa lahat ng tao. Pinagkaisan na ng mga kaharian ng kalikasan ang mga tao. lipunin ni Haring Araw ang mga lakas niya t sa loob ng anim na buwan ay nagkaroon ng tag-tuyot. Bigla susunod naman ang himagsik

ni Prinsipe Tubig at Prinsesa Ulap. Sa magkasanib na galit nilang dalawa ay isang malakas na bagyo naman ang sumunod.

Kahit iilang grupo ng mga tao lamang ang nagkasala ay hindi nakaligtas sa galit ni Haring Araw at ng ibang kaharian ang iba pang tao na nakatira sa ibang bahagi ng mundo. Marami na ang nagkakasakit at nagkakamatay na tao.

Hindi rin makapaniwala si Pedro sa nangyayari. Nagmakaawa siya at humingi nang paumanhin sa mga kaharian sa pagkakasala ng mga tao. Nagtatag nang isang konseho ng mga marurunong na tao na ang karamihan ay mga matatanda sa pamumuno ni Pedro. Pinagpayuhan ng konseho ang mga tao na itigil naang paglapastangan sa mga punong kahoy. “Ako nap o ang humihingi ng kapatawaran sa mga kalahi ko” ang pagsusumamo ni Pedro sa ibang mga Hari. “masyado nang malawak ang pinsala na ginawa ng mga tao sa ating mundo.” Ang pahayag ni Haring Bubuyog. “ Tingnan mo ang kalagayan ko Pedro. Pagmasdan mo ang karumihan na ibinigay ninyo!” Ang galit na sigaw ng Reynang Lupa. “nakikita mo ba ang mga itim na dungis na bunga ng pagsusunog ninyo sa mga punong kahoy, langis at halamanan”, ang umiiyak na hiyaw ni Prinsesa Ulap. “Tumingin ka sa akin kaibigan.” Ang utos ni Prinsepe Tubig kay Pedro. “wala na ang linaw ng aking batis. Maburak na ang anyo ko at hirap na hirap na akong makadalaw sa aking pinakamamahal na Prinsesa Ulap. Pinabibigat ako ng mga basura at mga bulok na bagay na itinatapon ninyong mga tao sa aking mga batis na siyang nagsisilbing tirahan ko.”

Nagkasundo ang mga kaharian na bilang kaparusahan ay hindi na nila bibigyan laya ang mga tao na makipagusap sa kanila. Habang hindi panahahalagahan ng lahat ng tao ang kalikasan ay madadama nila ang galit ng lahat ng kaharian. “Kailangan matuto ang mga tao”, ang pahayag ng mga pinuno.

“Napakalaking kamalian nga ba ang ibigay sa mga tao ang pamamahala sa ating mundo?” ang tanong ni Pedro sa sarili. “Hindi lahat ng tao ay masama at iyon ang patutunayan ko sa mga kaibigang Pinuno”. Nag-anyaya si Pedro ng mga tao na kakilala niyang may mabubuting kalooban at sila ay nanirahan sa isang kabundukan na halos wala ng mga puno’t halaman. At dahil kahit mga bubuyog ay galit na rin sa lahat ng tao ay ang mga piling-piling mga tao na ito ang kumuha ng mga ugat at buto sa mga nanga mamatay nang mga puno’t halaman at itinanim nila sa kabundukan na titirhan nila. At dahil hindi na nila nakakausap ang mga puno’t halaman at ang iba pang uri kagaya ng mga bubuyog ay pinag-aralan nilang mabuti ang tamang pagsasaka at pagtanim ng hindi makakasira sa kinuhanang punla ng mga halaman at puno. Mahirap at maingat ang mga pamamaraan na ginawa ng mga tao. Sa matiyagang at maayos na sistema ay naging matagumpay ang ginawa ng mga tao. Isang tigang na gubat ang muling naging isang parang paraiso. Maraming masasayang halaman at matitipunong puno sa mga paligid, malilinaw na batis at nag beberdehang lupa ang makikita. Nahikayat mamuhay muli



ang mga bubuyog at ibang insekto sa bagong paraiso at nakita iyon ng mga tao na nagpunla sa bagong gubat. Nasiyahan sila at isang tigang na gubat na malapit doon ang muli nilang tinaniman. Mga dalawang dekada ang lumipas at makikita na muli ang pagbabalik ganda ng kapaligiran. Dahil sa katandaan ay mga anak na ni Pedro ang nangangasiwa sa pagpanumbalik ng kalikasan. Isang libro na ginawa ni Pedro ang naging gabay ng mga bagong pinunong tao na nagtutukoy sa kasunduan ng mga tao at ng ibang kaharian.

Sadya yatang may mga tao na matigas ang mga ulo at hindi marunong makinig, kaya may mga lugar pa rin na hanggang ngayon ay binabaha, at nagkakaroon ng pagguho ng lupa. Pero habang ang angkan ni Pedro ay mabubuhay at may nagpapatuloy ng kanyang layuning mabalik ang kagandahan ng kalikasan ay may pag-asang bumalik muli ang napakagandang samahan ng kaharian ng mga tao at ng ibang kaharian.